


ACTIVITY

A. Iguhit, kulayan o pangalanan ang 10 salot na pinadala ng Diyos sa Egipto.




1. _____



2. Palaka



3. _____



4. _____




5. _____



6. Pigs



7. Umulan ng malalaking yelo



8. _____



9. Nagdilim ang Egypt



10. _____



B. Bilugan ang Tama kung ang pangungusap ay totoo at Mali naman kung ito ay hindi totoo. Kung ang pangungusap ay mali, guhitan ang (mga) salita na nagpamali dito.

1. Nalaman ng mga Israelita na dininig sila ng Diyos kaya sila ay yumuko at sumamba. **TAMA MALI**
2. Pumayag ang Faraon na umalis ang mga Israelita kaya pinahirapan niya lalo ang mga Israelita sa kanilang trabaho. **TAMA MALI**
3. Natuwa ang mga Israelita kila Moses at Aaron ng malaman na sila ang dahilan ng dagdag na pahirap sa kanilang pagtratrabaho. **TAMA MALI**
4. Nagpadala ang Diyos ng pitong salot upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa Faraon at buong Egipto. **TAMA MALI**
5. Nakalaya ang mga Israelita mula sa pagkabihag sa Egipto matapos ang dalawampung taon. **TAMA MALI**
6. Hinati ng Diyos ang tubig ng Dagat na Pula upang makatawid ang mga Israelita. **TAMA MALI**
7. Mapayapang nakatawid ng Dagat na Pula ang Faraon at ang kanyang hukbo. **TAMA MALI**

Nang magpadala ang Diyos ng iba't-ibang salot sa Egipto, natunghayan ng lahat ang Kanyang kapangyarihan. Ang mga Israelita na Kanyang tinatangi ay hindi naapektuhan ng mga salot na ito. Noong ipadala ng Diyos ang ika-10 salot, inutos Niya sa mga Israelita na kunin ang dugo ng lalaking tupa o kambing na kanilang kakatayin at ipahid ito sa ibabaw at



gilid ng hamba ng mga pintuan ng kanilang mga bahay. Ang dugong kanilang ipinahid ang magiging tanda na lalampasan Niya ang kanilang bahay at walang salot na sasapit sa kanila. Ito ang tinatawag na "Lord's Passover" (He passed over the house of the Israelites in Egypt). Ang mga panganay na anak at alagang hayop ng mga Israelita ay hindi naapektuhan ng salot sapagkat nakinig at sumunod sila sa binilin ng Diyos.



C. Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

Summer na, kaya naman si Banjo ay sobrang excited na umuwi ng probinsya upang magbakasyon. Tuwing summer ay nagbabakasyon silang magpipinsan sa bahay ng kanilang lolo at lola sapagkat ito ay nasa tabing dagat. Bago pumunta sa dagat ang magpipinsan, pinaalalahanan ni Lola Minda ang mga bata na huwag pupunta sa malalim na bahagi ng dagat at baka sila malunod. Binilinan naman ni Lolo Pinggoy si Zach, ang pinakamatanda sa magpipinsan, na bantayan ng husto ang kanyang mga nakakababatang pinsan.

Nagsitakbuan ang magpipinsan palusong sa tubig. Hindi hiniwalayan ni Zach si Banjo dahil siya ang pinakabata. Bukod sa pinakabata ay may katigasan ang ulo nito. Narinig ni Zach na bumulong si Banjo sa isa nilang pinsan

Banjo: "Ate Chellay pagkakataon ko nang masubukan ang natutuhan ko sa swimming lessons. Kailangan makapunta ako sa medyo malalim na bahagi."

Pinaalala ni Chellay ng bilin ng kanilang lola ngunit ang sagot ni Banjo,

Banjo: "Di bale iingat naman ako ng Diyos. Hindi Niya hahayaang mapahamak ako."

Hindi sumunod si Banjo. Sa hindi inaasahang pangyayari ay pinulikat siya at hindi makalangoy. Buti na lang at si Zach ay hindi lumayo sa kanya kaya madali niyang naisalba ang batang pinsan. Binuhat ni Zach si Banjo pabalik sa bahay ng lolo at lola. Tinulungan ni Lolo Pinggoy ang apo na maibsan ang nararamdamang sakit sa pinulikat na binti. Nang marinig ang nangyari

Lolo Pinggoy: "Tama naman apo na ang Diyos ang nag-iingat sa atin sapagkat Siya ay makapangyarihan. Ngunit kapag hindi tayo marunong makinig at sumunod sa Kanyang salita, tayo mismo ang nagdadala sa sarili natin sa kapahamakan. Sinabi ng Diyos sa Kanyang salita na ang mga anak ay dapat na makinig at sumunod sa kanilang mga magulang. Dahil kami ng lola mo ang kasama mo ngayon dapat na nakikinig at sumusunod ka sa

aming mga paalala. Kamuntik ka na tuloy malunod buti na lang at nandun ang Kuya Zach mo.”

Banjo: “Sorry po lolo, hindi na ako uulit. Sorry kuya Zach at salamat dahil niligtas mo ako.”

Mga tanong:

1. Ano ang paalala ni Lola Minda sa kanyang mga apo?

2. Bakit hindi sumunod si Banjo sa paalala ng lola?

3. Ano ang pagkakaiba ni Banjo sa mga Israelita sa ating kuwento?

Si Banjo ay naniniwala na ang Diyos ang mag-iingat sa kanya sapagkat naniniwala siya na ang Diyos ay makapangyarihan. Ngunit ang pagtitiwalang ito ay naging kulang sapagkat kasama ng pagtitiwala ay ang pakikinig at pagsunod sa Kanyang salita. Ang pakikinig at pagsunod sa paalala ng kanyang lola ay dapat na kakabit ng kanyang pagtitiwala. Gaya na lamang ng mga Israelita, nagtiwala sila na ang Diyos ang magliligtas sa kanila mula sa epekto ng salot na pinadala ng Diyos sa Egipto. Nakinig at sumunod sila sa pinagbilin ng Diyos na dapat nilang gawin. Kung hindi sila nakinig ay paniguradong sinapit din nila ang nangyari sa mga taga-Egipto. Tandaan natin na ang pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos ay dapat na sinasamahan ng pakikinig at pagsunod sa Kanyang salita.



D. Memory Verse

Dahil sa kapangyarihang ipinakita ng Diyos laban sa mga taga-Egipto, nagkaroon sila ng takot sa Kanya at sumampalataya sila sa Kanya at sa lingkod niyang si Moses. **Exodo 14:31**